Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PATASANG BAYAN NOONG IKA 22 NG MARSO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ........ Kagawad
Kgg. Ricardo D. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ........... Kagawad
Kgg. Louis C. de Leon ........... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .......... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Perez ........... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ...... Kagawad

DI-DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .......... PANG. PUNONG BAYAN
Kgg. Angelito U. Limjuco ........ Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 090-T´2000

KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG PANTALAN TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION (PANTODA), INC. BILANG ISANG SAMAHAN, AYON SA PAGSUNOD SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 5-T´92.

**SAPAGKA´T,** ayon sa Kautusang Bayan Blg. 5-T´92, lahat ng mga samahang sibiko o samahang di-konektado sa pamahalaan (NGO's) ay kinakailangang i-accredit o kilalanin ng pamahalaang bayan;

**SAPAGKA´T,** may kahilingan ang Pantalan Tricycle Operators and Drivers Association (PANTODA), Inc. na kilalanin ito bilang isang samahan ayon sa pagsunod sa nasabing kautusan;

**SAPAGKA´T,** matapos na masuri at makita ang pagtugon ng nasabing samahan sa mga kailangan o "requirements" para sa pagkilala ng isang samahan ay iminungkahi ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas na irekomenda ang pagkilala sa nabanggit na samahan;

**KUNG KAYA´T, DAHIL DITO,** sa kapakanang pangkagalingan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Perez, Louis C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na kilalanin ang Pantalan Tricycle Operators and Drivers Association (PANTODA), Inc. bilang isang samahan ayon sa pagsunod sa Kautusang bayan Blg. 5-T´92.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman at Pantalan Tricycle Operators and Drivers Association, Inc., lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak [illegible] nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan